8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin 4

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 1: Aralin 1 (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Rizza Capangyarihan Cortez

**Tagasuri:**
- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN , UNANG MARKAHAN, IKAAPAT NA LINGGO, BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa interaksiyon ng tao sa kanyang kapaligiran na nagbigay daan sa pagkakakilanlan at pagtugon sa nagbabagong kapaligiran |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng presentasyon na nagpapatunay ng interaksyon ng tao at kapaligiran |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Napatutunayan ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan ng mga tao sa pag-unlad ng mga kabihasnan.<br>1.Nailalarawan ang kalagayang heograpikal ng Meso-america at Andes(Olmec,Maya,Aztec at Inca) at ang rehiyong Pacific(Polynesia)<br>2.Nagpaghahambing ang mga kultura ng kabihasnang Olmec,Maya,Aztec at Inca at Rehiyong Pacific ( Polynesia)<br>3.Naipapaliwanag ang dahilan ng pagbagsak ng mga kabihasnang Olmec,Maya,Aztec at Inca.<br>4.Nailalahad ang mga naging kontribusyon ng bawat kabihasnan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagsasaliksik, pagtatala at paggawa ng portfolio upang maipakita ang kahalagahan ng pakikipag -ugnayan ng mga tao sa pag-unlad ng kabihasnan.<br>. |
| **C. Nilalaman** | A.Kabihasnang Meso-america at Andes (Olmec, Maya, Aztec, at Inca)<br>B.Kabihasnan sa Rehiyong Pacific (Polynesian) |
| **D. Integrasyon** | Tao, Lipunan, at Kapaligiran (People, Society, and Environment)<br>Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago (Time, Continuity, and Change) |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Ancient Civilizations: South America. (n.d.).https://education.nationalgeographic.org/resource/resource-library-ancient-civilizations-south-america<br>Inc, E. B. (2018, January 1). Anniversary Edition. http://books.google.ie/books?id=Nn5btgEACAAJ&dq=encyclopedia+britanica+2018&hl=&cd=1&source=gbs_api<br>Polynesian culture. (n.d.). Https://Www.Britannica.Com/Place/Polynesia#ref276573. |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br><br>**1.Maikling Balik-aral**<br><br>**A. MAPASURI!**<br><br>**B. SPEECH KO!**<br><br>*(Tingnan sa pahina 1-2 ng Sagutang Papel ang mga Gawain.)* | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1.Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**GIVE ME THREE**! Hatiin ang klase sa tatlong pangkat.Pumili lamang ng isang kinatawan sa bawat pangkat na siyang sasagot sa mga kategoryang kanilang mapipili. Ang bawat kinatawan ng pangkat ay bibigyan lamang ng 60 segundo upang maibigay ang tatlong hinihingi sa kategoryang kanilang mapipili. Ang pangkat na makakapagbigay agad ng tatlong tamang sagot sa loob ng 60 segundo ang siyang magwawagi.<br><br>**Kategorya:**<br><br>• **Lugar**<br>Magbigay ng mga bansa na nagmula sa Gitnang America/Rehiyong Polynesia | Maaring unang araw sa unang araw ng aralin.<br>Maaring pumili o magdagdag ang guro sa mga kasagutan na nasa ibaba<br>Gitnang America<br><table><tr><td>Lugar</td><td>Pagkai n</td><td>Hayop</td></tr><tr><td>Mexico</td><td>mangg a</td><td>jaguar</td></tr><tr><td>Belize</td><td>saging</td><td>tarant ula</td></tr></table> |

- **Pagkain**
  Magbigay ng mga prutas na tumutubo sa mga bansang may *tropical* na klima

- **Hayop**
  Magbigay ng mga hayop na makikita sa Gitnang America at Rehiyon ng Polynesia

Gabay na Tanong

1. Anu anong mga bansa ang matatagpuan sa Gitnang America/Rehiyon ng Polynesia?
2. Anu ano ang mga pagkain/prutas na tumutubo sa mga bansang may klimang tropical?
3. Anu ano ang mga hayop na makikita sa Gitnang America at Rehiyon ng Polynesia?
4. Ano kaya sa inyong palagay ang dahilan kung bakit ganitong uri ng halaman at hayop ang matatagpuan sa mga lugar na ito?

**MAPAPAHANAP KA!** Lagyan ng "*marker*" ang lokasyon ng mga bansa sa Gitnang America at Rehiyong Polynesia.
Gitnang America





https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Map_of_Central_America.png

Rehiyon ng Polynesia

| | | |
|---|---|---|
| Guatemala | bayabas | ahas(anaconda) |
| El Salvador | abokado | cougar |
| Honduras | guyabao | sloth |
| | | monkey |
| | | |

Rehiyong Polynesia

| Lugar | Pagkain | Hayop |
|---|---|---|
| Hawaii | taro | dolphins |
| Fiji | saging | baboy |
| Samoa | niyog | baka |
| Tonga | breadfruit | hawaian goose |
| Tuvalu | | sharks |
| Cook Island | | |
| Christmas | | |

| | | |
|---|---|---|
| | <br>*https://www.worldhistory.org/image/13659/map-of-polynesia/*<br><br>Mga Gabay na Tanong<br>1.Ilarawan ang katangiang pisikal ng Gitnang Amerika at Rehiyong Polynesia.<br>2.Paano nakaapekto ang lokasyon, klima at katangaing pisikal sa pamumuhay ng tao sa Gitnang Amerika at Polynesia?<br><br>**2.Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**HALU LETRA.** *(Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel)* | https://animalsresearch.com/animals-of-polynesia/<br><br>https://fenua-tahiti.com/en/the-unique-fauna-and-flora-of-polynesia-a-complete-guide<br><br>Maaaring magdagdag ang guro ng iba pang impormasyon tungkol sa Timog America at Rehiyon ng Polynesia<br><br>Maaring gawin sa ibang pamamaraan kagaya ng flash card.<br>Sagot<br>1.MESO<br>2.POLYNESIA<br>3.MANA<br>4.OLMEC<br>5.INCA<br><br>Iproseso ng guro ang mga salitang ito upang maiugnay sa aralin na tatalakayin. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1:Ang Kabihasnang Mesoamerica(Olmec,Maya,Aztec at Inca)**<br><br>Heograpiya ng Mesoamerica | Maaaring magdagdag pa ang guro ng iba pang detalye tungkol sa paksa na mula sa aklat,internet at iba pang babasahin. |

| | | |
|---|---|---|
| | Ang pangalang Meso america ay hango sa katagang meso na nangangahulugang 'gitna"Ito ang lunduyan ng mga unang kabihasnan sa America.Ang Mesoamerica o Central o Central America ay ang rehiyon sa pagitan ng Sinaloa Rivver Valley sa Gitnang Mexico at Gulf Fonseca sa katimugan ng el Salvador.Sa hilagang hangganan nito matatagpuan ang mga ilog ng Panuco at Santiago.Samantala,ang katimugang hangganan ay mula sa baybayin ng Honduras sa Atlantic hanggang sa gulod o slope ng Nicaragua sa Pacific at sa tangway ng Nicoya sa Costa Rica.<br>Sa kasalukuyan,saklaw ng Meso-america ang malaking bahagi ng Mexico,Guatemala,Belize,ElSalvador at ang kanlurang bahagi ng Honduras.<br>Sa lupaing ito,ang malaking pagkakaiba sa elebasyon ng lupa at dalas ng pag-ulan ay nagdudulot ng iba't ibang uri ng klima at ekolohiya sa iba't ibang bahagi ng rehiyon.Pabago-bago ang panahon sa rehiyong ito.Sa Mesoamerica naitatag ang unang paninirahan ng mga tao.Isa rin ito sa lugar na pina-usbungan ng agrikultura,tulad ng Kanlurang Asya at China.Sa kasalukuyang panahon,ito rin ang may pinakamalaking populasyon.<br><br>Olmec<br>Ang kauna-unahang kabihasnang umusbong sa Central America( at maaaring maging sa kabuuang America).Ang katagang Olmec ay nangangahulugang rubber people dahil sila ang kauna unahang tao na gumamit ng dagta ng mga punong rubber o goma.Ang kanilang kabihasnan ay yumabong sa rehiyon ng Gulf Coast sa katimugang Mexico na nang lumaon ay lumawig hanggang Guatemala.Ang panahong ito ay halos kasabayan ng Dinastiyang Shang ng Tsina.<br><br>Aztec<br><br>Ang mga Aztec ay mga nomadikong tribo na ang orihinal na pinagmulan ay hindi tukoy.Unti unti silang tumungo sa Lambak ng Mexico sa pagsapit ng ika-12 siglo C.E.Ang salitang Aztec ay nangangahulugang "isang nagmula s Aztlan"isang mitikong lugar sa Hilagang Mexico.Noong 1325,itinatag nila ang kanilang pamayanan sa Tenochtitlan,isang maliit na isla sa gitna ng lawa ng Texcoco.Ang Texcoco ay nasa sentro ng Lambak ng Mexico.Sa pagsapit ng ika-15 siglo,nasakop ng kanilang lungsod-estado ang iba pang tribo sa Gitnang Mexico.Nang lumaon,ang lungsod ay naging mahalagang bahagi ng sentrong pangkalakalan.<br><br>Inca | Maaring gawin sa Unang Araw ng aralin.<br><br>Ang guro ay maaari pang magpakita o magtalaga sa bawat pangkat ng iba pang halimbawa ng *graphic organizer* sa pagtalakay ng paksa.<br><br>Maaaring magdagdag pa ang guro ng iba pang detalye tungkol sa paksa na mula sa aklat,internet at iba pang babasahin. |

| | | |
|---|---|---|
| | Noong ika-12 siglo,isang pangkat ng mga taong tinatawag n Inca ang nanirahan sa hilagang-kanlurang bahagi ng Lake Titicaca sa matabang lupain ng Lambak ng Cizco.Sa pamumuno ni Manco Capac,bumuo sila ng maliit na lungsod estado.<br>Ang salitang Inca ay nangangahulugang "imperyo".Hango ito sa pangalan ng pamilyang namuno sa isang pangkat ng tao na nanirahan sa Andes.Unti-unting pinalawig ng mga Inca ang kanilang teritoryo hanggang sa masakop nito ang 3,2200 kilommetro kwadrado sa kahabaan ng baybayin ng Pacific.Saklaw ng imperyong ito ang kasalukuyang lupain ng Peru,Ecuador,Bolivia,Chile at Argentina.<br><br>Maya<br><br>Namayani ang kabihasnang Maya sa Yucatan Peninsula,ang rehiyon sa Timog Mexico hanggang Guatemala.Nabuo rito ang mga pamayanang lungsod ng Maya tulad ng Uaxactun,Tikal,El Mirador at Copan.Nakamit ng Maya ang rurok ng kanyang kabihasnan sa pagitan ng 300 C.E at 700 C.E.<br>Sa lipunang Maya,katuwang ng mga pinuno ang mga kaparian sa pamamahala.Pinalawig ng mga pinunong tinatawag na halach uinic o "tunay na lalaki"ang mga pamayanang urban na sentro rin ng kanilang pagsamba sa kanilang mga diyos.Nang lumaon,nabuo rito ang mga lungsod-estado.Sila ay nagtataglay ng ganap na kapangyarihan.Naiugnay ng malalawak at maaayos na kalsada at rutang pantubig ang mga lungsod-estado ng Maya.Banaag sa kaayusan ng lungsod ang pagkakahati hati ng mga tao sa lipunan.Hiwalay ang tirahan ng mahihirap at nakaririwasa.Ang sentro ng bawat lungsod ay isang piramide na ang itaas na bahagi ay dambana para sa mga Diyos.May mga templo at palasyo sa tabi ng piramide.<br><br>Halaw sa Kasaysayan ng Daigdig ni Grace Estela C.Mateo Phd et al pp.84-92<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**VIDEO WATCH-** Ang mapapanood ay tungkol sa *Mesoamerican Civilization*.Itala sa kwaderno ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa napanood.Gamitin ang gabay na tanong sa pagsagot.<br><br>Gabay na Tanong<br>1.Paano nagsimula ang Kabihasnan sa Mesoamerica?<br>2. Ano- anong mga pangkat ng tao ang umusbong sa kabihasnan sa Mesoamerica?<br>3.Anong uri ng pamumuhay mayroon ang mga sinaunang tao sa kabihasnan sa Mesoamerica? At anu ano ang naging mga dahilan ng ganitong klase ng kanilang pamumuhay? | Kasagutan<br><br>1.Makikita pa rin ang pamana nito.<br>2.Hinahangaan ang mga estrukturang naitayo hanggang sa kasalukuyan tulad ng Pyramid of the Sun<br>3. Mataas ang kanilang kaalaman sa Arkitektura dahil sa mga nalikhang Pyramid<br><br>link na papanoorin:<br>https://www.youtube.com/watch?v=BYR_ISwJHag<br><br>Maaaring magkaroon ng malayang talakayan sa paksang ito. |

| | | |
|---|---|---|
| | **2.Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**COMPLETE THE CHART.** *(Tingnan sa pahina 3-4 ng Sagutang Papel)*<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**Discussion web Organizer.** *(Tingnan sa pahina 4 ng Sagutang Papel)*<br><br>**Ikatlong Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 2: Rehiyong Pacific (Polynesian)**<br><br>**Ang mga Pulo sa Pacific**<br>Ang Pacific Islands o Oceania ay binubuo ng 20,000-30,000 pulo na nakakalat sa Pacific Ocean.Marami sa mga pulo ay may mababang lupa at maulan.Mga hindi karaniwang halaman at puno ang tumutubo sa mga pulo.Natatakpan ng makakapal na gubat ang New Guinea,Solomon Islands at Vanuatu.Tinatawag na Garden of Eden ang mga pulo sa PAcific dahil sa likas na yaman nito.Turismo ang pinakamahalagang industriya sa maraming pulo tulad ng Tahiti,Hawaii,Samoa at iba pa.<br><br>Polynesia:Ang Maraming Pulo<br><br>Sakop nito ang Hawaii,Easter Island,American Samoa,Tonga,Tuvalu,French Polynesia,Western Samoa,New Zealand,Cook Islands,Kiribati,Midway Islands.Karamihang nakalubog sa dagat ang mga bundok dito.Maliit at magkakalayo ang mga panahanan.May awtonomiya ito at may wikang bukod-tangi sa iba. May iba-ibang uri ang lupain at pinaghahati-hatian ang mga pinagkukunang-yaman.Nagpapalitan ang taga iba't ibang pulo ng mga produkto tulad ng sago,asin,axehead at iba pa.<br><br>Halaw sa aklat ng Kasaysayan ng Daigdig ni Teofidto L.Vivar ,Ed,D, pp.123-124<br><br>**1.Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**VIDEOWATCH**<br>Panoorin ang video na inihanda ng guro tungkol sa "*Polynesian Origins:DNA,Migration and History*.Itala sa kwaderno ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa paksa.Gamitin ang mga gabay na tanong. | Maaaring magkaroon ng malayang talakayan sa bahaging ito ng aralin.<br><br>Link ng video:<br>https://www.youtube.com/watch?v=ahfPbDLDu38 |

| | | |
|---|---|---|
| | Mga Gabay na Tanong:<br>1.Paano nagsimula ang Kabihasnan sa Polynesia?<br>2. Anu anong mga pangkat ng tao ang umusbong sa kabihasnan sa rehiyon ng Polynesia?<br>3.Ano ang uri ng pamumuhay mayroon ang mga sinaunang tao sa kabihasnang matatagpuan sa rehiyon ng Polynesia?<br>**2.Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**COMIC STRIPS.** *(Tingnan sa pahina 5 ng Sagutang Papel)*<br>Mga Gabay na Tanong<br>1.Saan makikita ang rehiyon ng Polynesia?<br>2. Anu anong anyong tubig ang nasa paligid ng rehiyon ng Polynesia?<br>3.Paano nakaapekto ang heograpiya sa pagbubuo ng kabihasnan sa Polynesia?<br>4. Sa iyong palagay, anong salik ang nakaimpluwensya sa pag-usbong ng kabihasnan sa rehiyong ng Polynesia? Ipaliwanag.<br><br>**3.Paglalapat at Pag-uugnay**.<br><br>**GEO- EFFECT!** *(Tingnan sa pahina 6 ng Sagutang Papel)* | |
| **D. Paglalahat** | **Ikaapat na Araw**<br>**1.Pabaong Pagkatuto**<br>**A.Gawain 1.DUGTUNGAN MO!.** *(Tingnan sa pahina 7 ng Sagutang Papel)*<br><br>**2.Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**SHOPPING LIST**. *(Tingnan sa pahina 8 ng Sagutang Papel)*<br><br>Ang maaaring kasagutan dito ay<br>"*Ang kabihasnan na umusbong sa Mesoamerica at rehiyong Polynesia ay nagpapatunay lamang na may kakayahan ang mga tao na paunlarin ang kanilang sarili at paligid sa kabila ng pagkakaroon ng payak na pamumuhay at limitadong kagamitan **dahil dito** ay nararapat lamang na pahalagahan ang kanilang mga naging ambag sa lipunan **kung kaya ako bilang Pilipino** ay masigasig na papaunlarin ang aking kakayahan sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga gawaing pampaaralan sa kabila ng mga balakid.* | Ito ay maaaring gawin kapag natapos nang matalakay ang mga mahahalagang paksa sa Ikatlong araw.<br>Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1.Maikling Pagsusulit** *(Tingnan sa pahina 9 ng Sagutang Papel)*<br><br>**2.Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Gumawa ng Portfolio na naglalaman ng mga Kontribusyon ng kabihasnang Mesoamerica at Rehiyong Polynesia.Ilagay ang huling bahagi ng portfolio ang Pagsusuri sa Aking Natutuhan. | Maaring magdagdag pa ang guro ng mga item na sasagutan ng bata.<br>Sagot<br>1.Inca<br>2.Andes<br>3.Quetzalcoatl<br>4.Tenochtitlan<br>5.Yucatan<br>6.Garden of Eden<br>7.Polynesia<br>8.Kapu<br>9.Catarman<br>10.Mana |

**PAGSUSURI SA AKING NATUTUHAN**

| | |
|---|---|
| Ang Aking mga natutuhan sa araling ito ay<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>________________________ | Madali kong naisagawa ang mga Gawain tulad ng<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>________________________ |
| Ang aking mga tanong sa araling ito ay<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>________________________ | Nahirapan ako na mapagtagumpayan ang mga Gawain tulad ng<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>________________________ |

Gamitin ang Rubrics sa paggawa ng Portfolio

| Krayterya | Pinakamahusay ( 5 puntos) | Mas Mahusay ( 4 puntos) | Mahusay (3 puntos) | Di mahusay (2 puntos) | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Tamang pagsasaayos ng Portfolio 20% | Lahat ng impormasyon na inilagay ay tama at ayon sa pagkakasunod sunod | Halos lahat ng impormasyon na inilagay ay tama at ayon sa pagkakasunod sunod | Karamihan ng mga impormasyon na inilagay ay tama at ayon sa pagkakasunod sunod | Ilan sa mga impromasyong inilagay ay di gaanong tama at di ayon sa pagkasunod sunod | |
| Kagamitan/Materyales na ginamit ( 15%) | Higit pa sa angkop ang mga kagamitan at materyales na ginamit. | Halos lahat ng mga kagamitan at materyales na ginamit ay angkop. | Karamihan sa mga kagamitan at materyales na ginamit ay angkop. | Ilan sa mga ginagamit na kagamitan at materyales ay di angkop sa Portfolio. | |
| Pagkakaugnay-ugnay ng mga nilagay sa Portfolio ( 20%) | Lahat ng mga larawan at materyalaes na ginamit ay may kaugnayan sa paksa | Halos lahat ng mga larawan at materyalaes na ginamit ay may kaugnayan sa paksa | Karamihan ng larawan at materyales ay may kaugnayan sa paksa | Iilan lamang ang larawan at kagamitang ginagamit ang may kaugnayan sa paksa | |
| Pagiging Malikhain ( 25%) | Ang portfolio ay may angkin na likha na angat sa iba. | Ang Portfolio ay kinakitaan ng bakas ng pagiging malikhain | Ang portfolio ay likha na karaniwan sa iba. | Ang portfolio ay di kinakitaan ng pagiging malikhain | |
| Kabuuan ng Portfolio( 20%) | Ang kabuuang Portfolio ay higit na angat sa lahat ng aspeto at porma nito. | Ang portfolio ay ngat sa lahat ng aspeto at porma. | Ang kabuuang Portfolio ay maayos at presentable | Ang kabuuang Portfolio ay karaniwang porma at ayos | |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">KABUUAN |</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | | *mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.* |